ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# ISANG DESKRIPTIBO-KOMPARATIBONG PAG-AARAL SA KAKAYAHANG PANANALIKSIK NG MGA MAG-AARAL SA NON-BOARD PROGRAM NG KCAST

**Joramae L. Mejarez[1], Benjie F. Salcedo, LPT[2]**
[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19887**
**DOI No: 10.36713/epra19887**

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik na sumusuri sa kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa KCAST na kung saan gumagamit ng deskriptibong-komaparatibo dulog. Layon ng mananaliksik na masuri ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kasarian at programa. Ang respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa non-board program. Sinagutan ng nasa 278 na piling mga mag-aaral ang talatanungan sa kakayahang pananaliksik na binubuo ng tatlong talatandaan. Ipinakita sa resulta na ang paraan ng pananaliksik at pagsusuri ng datos, pagsulat at pagtalakay sa mga resulta, at pagpapakahulugan sa suliranin ay nagtamo ng mataas na antas. Ipinakita rin sa resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pananaliksik batay sa kasarian, samantala, inilabas na mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa programa. Dagdag pa, ipinakita rin sa resulta na ang kasarian ay hindi sukatan ng antas ng kakayahang pananaliksik ng mga respondente. Gayun sdin, ipinapakita na may pagkakaiba batay sa programa dulot ng pagkakaiba-iba sa disiplina ng bawat programa.*

**SUSING SALITA**: *kakayahang pananaliksik, deskriptibo-komparatibo, kwalitatibo, non-board, Kapalong Davao del Norte*

## INTRODUKSYON

Ang kakayahan sa pananaliksik ay nananatiling isang hamon sa edukasyon, partikular na kapag ang mga mag-aaral ay walang interes o motibasyon sa gawaing pananaliksik. Kadalasan, ang mga pananaliksik na kanilang ginagawa ay itinuturing lamang bilang isang rekisito o pagsunod, sa halip na isang oportunidad upang matuto at makabuo ng makabuluhang kaalaman. Ang ganitong kawalan ng interes ay nagiging hadlang sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at sa pagtuklas ng mga bagong ideya. Dahil dito, mahalaga ang pagsusuri kung paano maaaring mabago ang pananaw ng mga mag-aaral at kung anong mga programang pang-akademiko ang maaaring ipatupad upang hikayatin ang kanilang aktibong partisipasyon sa pananaliksik (Nils, 2023).

Ipinapakita ng pag-aaral sa Kadapa, Andhra Pradesh, India, ang mga mag-aaral ay may kakulangan ng interes at tinitingnan ang pananaliksik bilang simpleng pangangailangan sa kurikulum. Natukoy rin ang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik batay sa kasarian, kung saan ang mga kababaihan ay mas nakatuon sa detalyadong pagsusuri habang ang mga kalalakihan ay mas mabilis ngunit kulang sa lalim (Dos Santos, et al. 2023).

Samantala, ipinakita sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ng Grade 11 sa isang pampublikong mataas na paaralan sa Pangasinan na may isyu ng labis na kumpiyansa na hindi tumutugma sa aktwal na kalidad ng kanilang gawain. Maraming mag-aaral ang may kakulangan sa mas malalim na pagsusuri at paggamit ng mga metodolohiya, na nagpapakita ng pangangailangan sa kritikal na pag-iisip. Natukoy din ang pagkakaiba ng kasarian, kung saan ang mga kababaihan ay mas masinop sa pagsusuri, habang ang mga kalalakihan ay mas mabilis ngunit kulang sa lalim, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas maayos na pagsasanay at gabay (Camara, et al. 2021).

Ang kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral ay may malaking gampanin hindi lamang sa paaralan pati na rin sa lipunan. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil tinutukoy nito ang mga pagkakaibang kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian, na makatutulong sa mga guro at tagapamahala sa pagbuo ng angkop na mga programa. Ipinapakita ng mga natuklasan ang kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa pananaliksik, pati na rin ang hindi pagtutugma ng kanilang sariling pagtatasa sa aktwal na kalidad ng kanilang gawain. Dahil dito, lumalabas ang pangangailangan para sa mas malalim na pagsasanay at mas mabisa na pidbak mula sa mga guro. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga isyung ito, magkakaroon ng pagkakataon upang makabuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo, na magpapabuti hindi lamang sa kalidad ng edukasyon kundi pati na rin sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik, na mahalaga sa kanilang pag-unlad sa lipunan.

### Layunin ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang pagkakaiba sa Kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral sa Non-board Program.

Bilang pagtiyak, malalaman sa pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral batay sa:

   1.1 kasarian; at
   1.2 programang naka-enrol
2. antas ng kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa:
   2.1 paraan ng pananaliksik at pagsusuri ng datos;
   2.2 pagsulat at pagtalakay sa mga resulta; at
   2.3 pagpapakahulugan sa suliranin
3. pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa:
   3.1 kasarian; at
   3.2 programang naka-enrol

**Haypotesis**
Ang *null hypothesis* na kung saan isusukat sa 0.5 na antas ng katiyakan aay nagsasaad na walang pagkakaiba ang kakayahang Pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian at programang naka-enrol.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Sa pananaliksik na ito, tinutukoy ang antas ng kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral gamit ang *quantitative non-experimental* na disenyo at *descriptive-comparative* na dulog. Nilalayon nitong mangalap ng numerikal na datos tungkol sa kasarian at programang kinabibilangan ng mga respondente upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba sa kanilang kakayahang pananaliksik. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magbibigay ng mahahalagang pananaw upang mapabuti ang mga programang edukasyonal (Creswell, 2014).

Sa pananaliksik na ito, tinutukoy ang antas ng kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral ng non-board program ng *KCAST* gamit ang *quantitative non-experimental* na disenyo at *descriptive-comparative* na dulog. Mangangalap ng numerikal na datos ukol sa kasarian at programang kinabibilangan ng mga mag-aaral upang suriin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa kanilang kakayahang pananaliksik. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magbibigay ng mahahalagang pananaw upang mapabuti ang mga edukasyonal na programa at mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Mahalaga ito sa pagpapabuti ng mga kurikulum at mga pamamaraan sa pagtuturo, pati na rin sa pagpapalawak ng kaalaman sa mga aspekto ng kakayahang pananaliksik na masusing nasusuri sa mga makabagong pamamaraan.

**Lokasyon ng Pananaliksik**
Isinagawa ang pagsasaliksik sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*, isang pampublikong institusyon na matatagpuan sa munisipyo ng *Kapalong*, lalawigan ng *Davao del Norte*. Ang nasabing munisipyo ay binubuo ng labing-apat na barangay at may lawak na umaabot sa 830.01 *square* kilometro o 320.47 *square* milya. Batay sa tala ng census noong 2016-2020, ito ay may kabuuang populasyon na umaabot sa 84,900. Ang mga impormasyong ito ay nagpapakita ng konteksto para sa pagsasagawa ng pananaliksik sa nasabing institusyon at lokasyon.

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ang talatanungang ginamit sa pananaliksik na ito ay isang *adapted questionnaire* mula kay Lacson (2022), ito ay mayroong *Five-point likert* na binubuo ng 46 na aytem sa tatlong (3) talatandaan*:* paraan ng pananaliksik at pagsusuri ng datos; pagsulat at pagtalay sa mga resulta; at pagpapakahulugan sa suliranin. Ang mga respondante ay inaasahang ilagay ang kanilang tugon sa bawat tanong sa mga sumusunod na tugon: (5) Palagi, (4) Madalaas, (3) Bihira, (2), Minsans at (1) Hindi kailanman.

Ginamit ang *Likert Scale* upang matukoy ang kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral, kung saan ang mga respondente ay naglalagay ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga katanungan kaugnay ng kanilang mga pananaw, pag-uugali, at reaksyon sa mga *stimulus*.

Sa pag-interpreta sa lebel ng Kakayahang Pananaliksik ng mga mag-aaral, ginamit ang sumusunod na panukat upang masusing masuri at matukoy ang antas ng kanilang kasanayan at kakayahan sa paggawa ng pananaliksik.

| Saklaw ng Paraan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.50-5.00 | Lubhang Mataas | Kung ang pagtukoy sa nasabing bahagi ng kakayahang pananaliksik ay laging napapakita o palaging nagaganap. |
| 3.50-4.49 | Mataas | Kung ang mga pagtutukoy sa mga item sa kakayahang pananaliksik ay madalas na ipinakikita o nagaganap. |
| 2.50-3.49 | Katamtaman | Kung ang pagtukoy sa mga item sa kakayahang pananaliksik ay paminsang ipinapakita o nagaganap. |
| 1.50-2.49 | Mababa | Kung ang pagtukoy sa mga item sa kakayahang pananaliksik ay bihira lamang ipinapakita o nagaganap. |
| 1.00-1.49 | Lubhang Mababa | Kung ang pagtukoy sa mga item sa kakayahang pananaliksik ay hindi kailanman ipinapakita o nagaganap. |

**Paraan sa Pagkolekta ng Datos**
Upang maisagawa ang pagkolekta ng mga datos, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang:

**Paggawa at Pagpapatibay ng Talatanungan.** Ang inihanda ng mananaliksik ang talatanungan batay sa mga *indicator* ng baryabol ng pananaliksik. Pagkatapos, isinumite ang mga ito sa tagapayo at *panel* para sa kanilang pagsusuri at pagpapatibay.

**Paghingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral.** Humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa panel ng pananaliksik upang maisagawa ang pamamahagi ng mga talatanungan sa mga respondente.

**Pamamahagi at Koleksyon ng Palatanungan.** Matapos makuha ang pahintulot, ang mananaliksik ay nagpadala ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

liham pahintulot sa institusyon. Ipinamahagi ang mga talatanungan at malinaw na ipinaalam sa mga respondente ang tamang pamamaraan ng pagsagot.

**Koleksyon at Tabulsyon ng mga Datos.** Matapos sagutin ng mga respondente ang mga talatanungan, ang mananaliksik ay kinolekta ang mga instrumentong ginamit at inilipat ang mga datos sa *Microsoft Excel Spreadsheet*. Ang mga resulta ay ipinasa sa mga estadistiko para sa komputasyon, tabulasyon, at pagsusuri, kasabay ng mahigpit na pagsunod sa mga *protocol* ng kumpidensiyalidad at integridad.

**Estadistikong trato sa Datos**
Ang sumusunod na pamamaraan na pang-estatistika ang ginamit sa pagkalkula ng datos.

***Mean***. Pangkalahatang *mean* ng lahat ng grupo, ito ang ginamit upang mahanap ang pangkalahatang mean ng iba't ibang salik na nakakaapekto sa kakayahang pananaliksk ng mga mag-aaral

***T-test***. Ginamit ang *statistical tool* na ito upang suriin ang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian.

***ANOVA***. Ginamit ang *statistical tool* na ito upang suriin ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa programa.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 2 Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian***

| Kasarian | *Frequency* | Bahagdan |
|---|---|---|
| babae | 186 | 67.03% |
| lalake | 92 | 32.98% |
| **KABUOAN** | **4.45** | **100%** |

***Talahanayan 3 Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Programa***

| Programa | *Frequency* | Bahagdan |
|---|---|---|
| BPA | 68 | 24.37% |
| BSOA | 67 | 24.01% |
| BSBA-FM | 60 | 21.51% |
| BSBA-MM | 84 | 30.11% |
| **KABUOAN** | **278** | **100%** |

***Talahanayan 4 Antas ng Kakayaang Pananaliksik ng mga Mag-aaral Batay sa Paraan ng Pananaliksik at Pagsusuri ng Datos***

| Paraan ng Pananaliksik at Pagsusuri ng Datos | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nakatukoy sa angkop na disenyo o paraan ng pananaliksik | 4.07 | Mataas |
| 2. Nakapili o nakagawa ng instrumento ng pananaliksik na kinakailangan sa pagkolekta ng Datos | 4.08 | Mataas |
| 3. Nakatukoy kung aling estadistikang kagamitan o paraan ng *analysis* ang gagamitin para sa pananaliksik | 4.02 | Mataas |
| 4. May kaalaman sa karaniwang estadistikong kagamitan sa anumang aplikasyon sa estadistika tulad ng *MS Excel, SPSS, Minitab*, o iba pang aplikasyon | 4.04 | Mataas |
| 5. Nakapagsuri at nakapagbigay kahulugan sa resulta ng aking estadistikong pagtrato o paraan ng *analysis* | 4.06 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.05** | **Mataas** |

***Talahanayan 5 Antas ng Kakayahang Pananaliksik ng mga mag-aaral Batay sa Pagsulat at Pagtalakay sa mga Resulta***

| Pagsulat at Pagtalakay sa mga Resulta | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Naihanda ang nilalaman ng aking presentasyon na may wastong gramatika at sintaksis | 4.11 | Mataas |
| 2. Naipahayag nang malinaw ang mga resulta ng aking pananaliksik | 4.17 | Mataas |
| 3. Nagawa ang aking *thesis statement* nang malinaw | 4.31 | Napakataas |
| 4. Naiayos nang maayos ang aking mga kaisipan at ideya at ihanda ang manuskrito ng aking pananaliksik | 4.25 | Mataas |
| 5. Naipahayag nang pasalita ang mga resulta ng aking pananaliksik | 4.22 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.21** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 6 Antas ng Kakayahang Pananaliksik ng mga Mag-aaaral Batay sa Pagpapakahulugan sa Suliranin***

| Pagpapakahulugan sa Suliranin | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Natukoy ang saklaw at limitasyon ng aking pananaliksik | 4.01 | Mataas |
| 2. Natukoy ang saklaw at limitasyon ng aking pananaliksik | 4.06 | Mataas |
| 3. Natukoy at nakakalap ng kapaki-pakinabang na mga tanong dahil lagi akong *curious* | 4.06 | Mataas |
| 4. Nakabuo ng paksa sa pananliksik o problema base sa mga kaugnay na literatura at mga sanggunian | 3.95 | Mataas |
| 5. Nakalikha ako ng *mind* o *concept mapping* sa paksa mula aking pananaliksik o problema | 3.91 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.00** | **Mataas** |

***Talahanayan 7 Buod sa Antas ng Kakayahang Pannaliksik ng mga Mag-aaral***

| Indicators | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Paraan ng Pananaliksik at Pagsusuri ng Datos | 4.05 | Mataas |
| Pagsulat at Pagtalakay ng mga Resulta | 4.21 | Mataas |
| Pagpapakahulugan sa Suliranin | | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.09** | **Mataas** |

**Antas ng Kakayahang sa Pananaliksik.** Sa ipinahayag na mga resulta ng pagsusuri at pag-aaral na ito, makikita na ang kakayahan sa pananaliksik ng mga respondente ay umabot hanggang mataas na antas. Nangangahulugan na madalas ay naipapamalas ng mga mag-aaral ang kanilang kahusayan at kagalingan sa antas ng kakayahan sa pananliksik batay sa mga aspeto ng pananaliksik.

Kagaya na lamang sa resulta ng pag-aaral nina Awodoyin, et al. (2020), Ipinapakita sa resulta ng kanilang pagsusuri na ang mga respondente ay nakakuha ng mataas na deskripsyon. Nangangahulugan na madalas ay naipapamalas ng mga respondente ang kanilang kahusayan at kakayahan sa larangan ng pananaliksik. Ipinapakita rin sa kanyang pag-aaral na ang kakayahan sa pananliksik ay isang mahalagang kasanayan sa pagtukoy ng mga suliranin at paglikha ng malikhaing solusyon sa mga suliraning kinakaharap ng isang indibiduwal sa pang-araw-araw na buhay.

Gayon din sa resulta ng pag-aaral at pagsusuri na itinakda nina Altynbekov, et al. (2023), lumitaw na ang kakayahan sa pananaliksik ay mahalaga hindi lamang sa akademikong konteksto kundi maging sa praktikal na aplikasyon nito sa iba't ibang larangan. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga indibidwal na may mataas na antas ng kakayahan sa pananaliksik ay mas handang harapin ang mga hamon ng makabagong panahon, kabilang ang pag-unawa sa datos, pagsusuri ng impormasyon, at pagbuo ng makabuluhang desisyon batay sa ebidensya. Bukod dito, binigyang-diin nila ang papel ng patuloy na pagsasanay at paglinang ng kasanayan sa pananaliksik bilang pundasyon ng tagumpay sa personal at propesyonal na aspeto.

Sinuportahan naman ito ni Zapata (2023), na nagpakita sa kanyang pag-aaral na ang kakayahan sa pananaliksik ay mahalaga sa pagtukoy ng suliranin at pagbuo ng solusyon sa akademikong at di-akademikong sitwasyon. Binigyang-diin niya na ang paggamit ng kritikal na pagsusuri, ebalwasyon ng impormasyon, at organisasyon ng datos ay nagpapataas ng produktibidad at kumpiyansa ng mag-aaral sa harap ng global na hamon.

***Talahanayan 8 Makabuluhang Pagkakaiba sa Kakayahang Pananaliksik ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian***

| *Variable* | *Sex* | *Mean* | *SD* | *T-value* | *P-value* | *Decision* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Pananaliksik | babae | 4.11 | 0.52 | 0.857 | .392 | $H_0$ *Accepted* |
| | lalake | 4.05 | 0.51 | | | |

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahang Pananaliksik ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian.** Batay sa resulta, tinatanggap nito ang *null hypothesis* ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pananaliksik ang mga mag-aaral batay sa kanilang kasarin. Ibig sabihin lamang sa resultang ito ay walang makikitang makabulihang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik batay sa kasarin na lalake at babae.

Batay sa pag-aaral ni Charles (2018), sinasabi na walang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik ng mg babae at lalaki. Binibigyang diin din niya na kahit magkaiba ang nakuhang marka ng mga respondente sa bawat talatandaan o indikeytor hindi ito makakapekto o mangangahulugan na magbibigay ng pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aara batay sa kanilang kasarian.

Saad naman ni Eagly (2018), walang makabukuhang pagkakaiba sa antas at larangan ng kakayahang pananaliksik ng mga babae at lalake. Ipinipahiwatig din niya sa kanyang pagsusuri na bawat parte babae man o lalake ay parehong nagtatalgalay ng parehong antas at lebel ng kakayahang pananaliksik. Gayon pa man, nagpapalahulugan lamang ito na na walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

babae at lalake sa larangan ng pananaliksik sapagkat ipinapakita sa resulta sa pag-aaral na itinakda ni Eagly ay parehong namayagpag ang kahusayang ng bawat respondente. Kung kaya, mahihinuha na ang mga babae at lalake ay parehong nagpapamalas ng kahusayan at kakayahan sa larangan ng pananaliksik.

Samantala, sinasabi naman na ang kakayahan ng mga babae at lalake sa larangan ng pananaliksik ay hindi nakakikitaan ng pagkakaiba sa isa't isa. Maaring mayroong kunting pagkakaiba sa resulta ng bawat talatandaan sa bawat parte ngunit ayon pa kay Adie (2021), hindi ito nakakaapekto sa kabuoan at pangkalahatang resulta. Gayon pa man, ating mahihinuha mula sa resultang ito na ang kkayahang pananaliksik ng mg respondenteng babae at respindenteng lalake ay walang pinagkaiba at sadyang magkapareho lamang ng lebel.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta ng pananaliksik na walang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik ng babae at lalake. Ang mga naunang pag-aaral na nabanggit ay sumusuporta sa resulta, na nagpapakita na ang kasarian ay hindi nakakaapekto sa likas o natutunang kakayahan sa pananaliksik. Ipinapahiwatig nito na ang kagalingan sa larangan ng pananaliksik ay hindi nakabatay sa kasarian ng indibiduwal.

***Talahanayan 9 Makabuluhang Pagkakaiba sa Kakayahang Pananaliksik ng mga Mag-aaral Batay sa programa***

| *Variable* | *Program* | *Mean* | *SD* | *T-Value* | *P-Value* | *Decision* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kakayahang Pananaliksik | *BPA* | 3.91 | 0.48 | 4.185 | .006 | $H_0$ *Rejected* |
| | *BSOA* | 4.09 | 0.54 | | | |
| | *BSBA-FM* | 4.17 | 0.56 | | | |
| | *BSBA-MM* | 4.17 | 0.47 | | | |

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahang Pananaliksik ng Mga Mag-aaral Batay sa Programa.** Ang kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa programa ay ipinapakita sa resulta na mayroong pagkakaiba. Ibig sabihin ay hindi nito tinatanggap ang null na haypotesis ma walanag makabuluhang pagkakaiba batay sa programa ng mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik. Sa madaling salita, ipinapahiwatig lamang sa resulta na mayroong makabuluhang pagkakaiba ng bawat programa sa larangang ito. Makikita rin sa nakaraang kabanata na ang *BSBA-FM at BSBA-MM* ay parehong nangunguna. Ibig lamang sabihin ay kompara sa iba pang nabanggit na programa ay nagpapakita ang mga mag-aaral sa BSBA ng mas mataas na marka. Sinundan naman ito ng *BSOA* at panghuli ang BPA na nakakuha ng pinakamababang marka sa lahat.

Katulad na lamang sa pag-aaral ni Jintalan (2020), na kung saan ang mga mag-aaral sa prgrama ng *BSBA* ay may mataas na antas sa kakayahang pananaliksik kompara sa programa ng *BSOA*. Binibigyang diin din niya na ang mga *BSBA* ay nagpapakita ng mataas na antas ng kakayahan sa pananaliksik sapagkat ang mga mag-aaral sa larangang ito ay tutok sa paghahanap at pagkalakal ng mga magandang idea sa negosyo at istratehiya.

Dagdag pa sa pagsusuri ni Antipuesto (2023), ang mga mag-aaral sa negosyo ay hamak na nagpapakita at nagttaglay ng mataas na antas ng kakayahan sa larang ng pananaliksik kompara sa mga mag-aaral na nasa programa ng *BSOA*. Binigyang diin niya sa kanyang pagsusuri na ang mga mag-aaral sa *BSBA* ay may mataas na antas ng kakayahan sa larangan ng panaliksik sapagkat ang mg mag-aaral sa programang ito ay mas nakatuon sa *business analytic, strategic planning, at market research* na kung saan ay nagbubukas sa kanila ng pagkakataon na makapagsagawa kadalasan ng pananaliksik na kung saan naghahasa sa kanila na maging mapag-isip sa lahat ng bagay at sa ganitong paraan ay nahahasa ang kanilang kakayahan sa larangang ito. Habang ang mga *BSOA* ay nakatuon lamang sa *administrative skills* at *office management* na hindi na nangangailangn ng malalimang paggugol sa larangan ng pananaliksik.

Samantala, sa iba pang pag-aaral at pagsusuri, patuloy parin na nangunguna ang *BSBA*. Kagaya na lamang sa pag-aaral n itinakda Mainga (2022), sa pagitan sa departamento ng *BSBA* at *BSOA* kakikitaan pa rin na ang *BSBA* ay mas nakakakuha ng mataas na marka at antas ng kakayahan sa larangan pananaliksik. Ayon sa sa nakitang resulta, kakikitaan na nagpapamalas ng mas mataas na antas sa kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral sa *BSBA* dahil sa pokus ng kanilang kurikulum na kung saan ay natutuk at nakatuon sa *analytical at decision-making skills* na kung saan ay mahalaga sa *business research.*

Sa kabila namang banda, ang mga mag-aaral sa *BSBA* mas hamak na nagpapamalas ng mas mataas na kakayahn sa larangan ng pananaliksik. Sinuportahan naman ito s pag-aaral ni Nistor (2023), na ang mga *BSBA* ay mas nagpapakita ng mas mataas na kakayahan sa pananaliksik kompara sa *BSOA*. Dahil ayon pa ay ang mga mag-aaral sa BSBA ay masnakatutok at nakatuon sa na *imperical research* at *data-driven projects.* Samantala, ang mga mag-aaral naman sa BPA ay nakatuon ang kanilang kurikulum sa *theoritical* at *policy analysis.* Ito ay nag bubunga ng pagkakaiba sa kakayahan sa larangan ng pananaliksik ng dalawang pangkat sapagkat magkaiba ng kanilang nakatuonang kurikulum.

## KONKLUSYON

Batay sa ipinahayag ng resulta ng pag-aaral na alamin ang propayl ng mg mag-aaral batay sa kasarian sa lahat ng mag-aaral na naka-enroll sa non-board program na kasalukuyang nasa ikatlo at ikaapat na taon sa taong panuruan 2023-2024, ang may pinakamataas na bilang ay ang mga babae na umabot sa 187 na may 67.03%, at ang lalake naman ay ubamot lamang hanggang 92 na bilang na may 32.98% at ang kabuoan ng mga respondente ay 278.

Bukod pa rito, ang resulta na nagpapahiwatig ng proporsyon ng mga respondente batay sa kanilang programa, sa kabuoang bilang 278 na mg respondente ang *BSBA-MM* ang siyang may pinakamalaking bilang na umabot ng 84 na may 30.11%. sumunod naman ay ang *BPA* na may bilang na 68 na may 24.37%. Pangatlo dito ay ang *BSOA* na binubuo ng 67 na bilang na may 24.01%. at ang panghuli na nakakuh ng pinakamababang bilang ng respondente ay ang *BSBA-FM* na umabot lamang ng 60 na respondente na may 21.51%.

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga mag-aaral sa *KCAST* ay nagpapakita ng mataas na kakayahan s larangan ng pananaliksik. Madalas ay naipapakita nila ang kanilang kahusayan sa paraan at pagsusuri ng datos, pagsulat at pagtalakay sa mga result at pagpapakahulugan sa suliranin. Ang mga kasanayang ito ay matibay na pundasyon upang maging matagumpay sila sa kanilang itinakdang pag-aaral.

Samantala, ang pag-aaral na naglalayong tuklasin ang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik ng mg mag-aaral batay sa kasarian ay tinatanggap nito ang null na haypotesis na walang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik ang mga mag-aaral batay sa kasarian. Ibig sabihin ay walang makikitang makabuluhang pagkakaiba sa kasarian ng mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik.

Sa kabilang dako, batay sa resultang inilahad, ang pag-aaral na naglalayong tuklasin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga mag-aaral sa kakayahang pananaliksik bata sa programa ay hindi nito tinanggap ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa programa. Ibig sabihin ay mayroong makabuluhang pagkakaiba sa bawat programa. Batay sa resulta, ang *BSBA-MM at FM* ay ang nakakuha ng pinaka mataas at nanguna sa iba pang programa. Pangalawa ang *BSOA*, at sumunod naman ang *BPA*.

Ito ay nangangahulugan na natataglay lamang ng isang tao ang partikular na salik sa kakayahang pananaliksik kapag ipinapamulat ito s kanila. Batay sa mga resulta sinasabi na ang mga mag-aaral aa *BSBA* ay nakakuha ng pinakamataas na antas sa kakayahang pananaliksik kompara sa iba pang programa sapagkat simula pa alamang gugol at naitutok n sa kanila ang pananaliksik. Nangangahulugan lamang na nararapat ay pagtuonan din nang pasin ang kakayahan sa pananaliksik ng iba pang programa dahil ang kakayahan sa pananaliksik ay hindi lamang kakayahan na dapat taglayin ng isang programa kundi kinakailangan itong taglayin ng iba't ibang programa. Hindi lamang ito nararapat na taglayin lamang ng partikular na gurpo ng tao kundi kinaialangn itong taglayin ng lahat.

## TALASANGGUNIAN

1. *Adie, J. A. (2021). Student gender and application of research skills. International Journal of Instruction, 14(3), 633-648. ResearchGate.*
2. *Altynbekov, S., et al. (2024). New Trends in Research Skills of Future Teachers: Quantitative Approach and Empirical Studies. International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE). Vol. 13, No. 2. pp. 1021-1034*
3. *Antipuesto, N. (2023). Competency of Office Administration Graduating Students in State University. International Journal of Research in Engineering and Science (IJRES). Vol. 11.*
4. *Awodoyin, A.F. et al. (2020). Perceived Research Skills of Graduating Library and Information Scince (LIS) Undergraduayes of Nigerian University of Education. Library Philosoohy and Practice (e-journal). 4741.*
5. *Camara, J. S., et al. (2021). Kasanayang Pananaliksik ng mga Grade 11. Penn State University Research Journal.*
6. *Charles, M. (2018). Ge der and Stem: Undersyanding Segregation in Science, Technology, Engineering and Matgematics. Annual Review of Sociology.*
7. *Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods aproaches (4th ed.). SAGE Publications.*
8. *Dos Santos, M. H., et al. (2022). Assessment of Research Skills of Undergraduates Students. Journal of Positive Psychology and Wellbeing*
9. *Eagly, A. (2018). Women and the Labyrinth of Leadership. Harvard Business Review.*
10. *Jintalan, J. (2020). The Bachelor of Science in Office Administration Graduates of Camarines Sur Polytechnic: A Tracer Study. International Journal of Innovation, Creativity and Change. Vol. 14.*
11. *Mainga, W. (2022). Graduate Employability of Business Studnets. Journals and Administrative Sciences. MPDI. vol. 12. Issue 3.*
12. *Nils, A. (2023). Academic Skills Service. University of Southampton.*
13. *Zapata, M., (2023). Research Skills for University Students' Thesis in e-Learning: Scale Development and Validation in Peru. Vol. 9. Heliyon. ScinceDirect.*